Tunay na sa mga hayop na ito ay may mga mailap gaya ng mga mailap ng mabangis na hayop. Kaya ang anumang nakawala sa inyo mula sa mga ito, gumawa kayo rito ng ganito

Ayon kay Rāfi` bin Khadīj (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Kami minsan ay kasama ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Dhulḥulayfah, saka dumanas ang mga tao ng isang gutom, saka nakakuha sila ng mga kamelyo at mga tupa.} Sinabi: {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nasa mga hulihan ng mga tao, kaya nagmadali sila, nagkatay sila, at nagsalang sila ng mga kaldero. Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na dalhin ang mga kaldero, saka itinaob ang mga ito. Pagkatapos namahagi siya [ng samsam]. Nagtumbas siya ng sampu ng mga tupa sa isang kamelyo. May nakatakas mula sa mga ito na isang kamelyo, kaya hinanap nila ito ngunit pinagod sila nito. Sa mga tao ay may kaunting kabayo. May isang lalaking nagpawala roon ng isang palaso, kaya nagpatigil niyon si Allāh. Pagkatapos nagsabi siya: "Tunay na sa mga hayop na ito ay may mga mailap gaya ng mga mailap ng mabangis na hayop. Kaya ang anumang nakawala sa inyo mula sa mga ito, gumawa kayo rito ng ganito."} Kaya nagsabi si Rāfi`: {Tunay na kami ay nag-aasam – o nangangamba – sa kaaway bukas. Wala kaming dalang mga kutsilyo. Kaya magkakatay po ba kami sa pamamagitan ng bagakay?" Nagsabi siya: "Ang anumang nagpadaloy ng dugo at nabanggit ang pangalan ni Allāh rito, kainin ninyo ito. Hindi gagamit ng ngipin at kuko. Magsasanaysay ako sa inyo tungkol doon. Hinggil sa ngipin, buto ito. Hinggil naman sa kuko, kutsilyo ng Etyopya ito."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid si Rāfi` bin Khadīj (malugod si Allāh sa kanya) na sila minsan ay kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Dhulḥulayfah, saka dumanas ang mga tao ng isang gutom. Nakasamsam nga sila mula sa mga tagapagtambal ng mga kamelyo at mga tupa. Kaya nagmadali sila bago hatiin ang samsam, saka nagkatay sila mula sa mga ito, at nagsalang sila ng mga kaldero nang hindi nagpaalam sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay naglalakad sa mga hulihan ng mga tao. Kaya noong nalaman niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), nag-utos siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na dalhin ang mga kaldero, saka itinaob ang mga ito kasama ng laman ng mga ito na sabaw. Pagkatapos ipinamahagi niya ang samsam sa pagitan nila. Ginawa niya ang sampu mula sa mga tupa na katumbas ng iisang kamelyo, ngunit may nakapuslit mula sa mga ito na isang kamelyo, ngunit nawalang-kakayahan sila sa paghabol dito at pagkaabot dito. Ang mga kabayo ay kaunti. May isang lalaking tumudla roon ng pana, kaya nagpatigil niyon si Allāh para sa kanila, saka nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na sa mga maamong hayop na ito ay may kalikasang gaya ng

kalikasan ng mabangis na hayop. Kaya ang anumang nakawala sa inyo mula sa mga ito at nawalang-kakayahan kayo sa paghuli nito, gumawa kayo rito ng ganito." Kaya nagsabi si Rāfi`: "Tunay na kami ay nag-aasam na makipagharapan sa kaaway bukas at nangangamba na makapinsala sa talim ng mga sandata namin ang pagkatay namin sa pamamagitan ng mga ito samantalang ang pangangailangan ay apurahan para sa pagkatay. Wala kaming dalang mga kutsilyo para rito. Kaya magkakatay po ba kami sa pamamagitan ng mga patpat ng bagakay na kawayan?" Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang anumang nagpadaloy ng dugo, nagpaagos nito, nagbububo nito, at nabanggit ang pangalan ni Allāh rito, kainin ninyo ito, na hindi ang ngipin at kuko. Magsasanaysay ako sa inyo tungkol doon. Hinggil sa ngipin, buto ito. Hinggil naman sa kuko, ang mga tagatangging sumampalatayang mamamayan ng Etyopya ay gumagamit nito."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/2984